# Ang Liwanag ni Cristo

## Bigyang-kahulugan ang Liwanag ni Cristo

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 88:12–13, at maghanap ng mga paglalarawan sa Liwanag ni Cristo.

Basahin ang sumusunod na kahulugan ng Liwanag ni Cristo:

"[Ang Liwanag ni Cristo ay] banal na lakas, kapangyarihan, o [impluwensya] na nanggagaling sa Diyos sa pamamagitan ni Cristo at nagbibigay ng buhay at ilaw sa lahat ng bagay. Ito ang batas kung saan ang lahat ng bagay ay pinamamahalaan sa langit at sa lupa (D&T 88:6–13). Tinutulungan din nito ang mga tao na maunawaan ang mga katotohanan ng ebanghelyo at tinutulungang ilagay sila sa daan ng ebanghelyo na [humahantong] sa kaligtasan." (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Ilaw, Liwanag ni Cristo," scriptures.ChurchofJesusChrist.org)

- Paano mo ibubuod ang naunawaan mo tungkol sa kung ano ang Liwanag ni Cristo?
- Sa iyong palagay, paano ka personal na naiimpluwensyahan ng Liwanag ni Cristo?

## Ang Liwanag ni Cristo bilang ating konsensya o budhi

Ang isang manipestasyon ng Liwanag ni Cristo ay ang ating konsensya. Sumulat ng isang kahulugan na mauunawaan ng isang bata sa Primary ayon sa pagkaunawa mo kung ano ang konsensya.

Basahin ang sumusunod na kahulugan at tingnan kung ano ang maaari mong idagdag sa iyong kahulugan:

"Ang [budhi ay] pagkilala sa tama at mali, na nagmumula sa Liwanag ni Cristo sa lahat ng tao (Moro. 7:16). Isinilang tayo na may likas na kakayahang makilala ang tama [sa] mali dahil sa ibinigay na Liwanag ni Cristo sa bawat tao (D&T 84:46). Ang bagay na ito ay tinatawag na budhi. Ang pagkakaroon nito ang siyang lumilikha ng pagiging may pananagutan natin bilang mga nilalang. Tulad ng ibang kakayahan, ang ating budhi ay maaaring manghina dahil sa kasalanan o maling paggamit." (Gabay sa mga Banal na Kasulatan, "Budhi," scriptures.ChurchofJesusChrist.org)

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 84:45–46 at Moroni 7:16, at hanapin ang mga salita o parirala na naglalarawan kung paano kumikilos ang Liwanag ni Cristo bilang ating konsensya o budhi. Maaari mong i-cross-reference ang dalawang talata.

- Ano ang isang parirala mula sa mga talatang ito na tumutulong sa iyo na maunawaan kung ano ang konsensya?
- Sa palagay mo, bakit ka binigyan ng Ama sa Langit at ni Jesucristo ng konsensya?
- Paano nakaiimpluwensya ang pakikinig o pagbabalewala sa iyong konsensya sa mga pagpiling ginagawa mo at sa iyong walang hanggang destinasyon?

## Ang Liwanag ni Cristo ay nasa lahat

Kunwari ay hiniling sa iyong magbahagi ka ng maikling ideya sa Sunday School tungkol sa kung paano tratuhin at pakitunguhan nang mas mabuti ang lahat ng tao, lalo na ang mga taong iba kaysa sa iyo. Maaari mong gamitin ang sumusunod na resources at anupamang mahahanap mo na makatutulong.

Doktrina at mga Tipan 88:11

Doktrina at mga Tipan 93:2

Itinuro ni Pangulong Boyd K. Packer (1924–2015) ng Korum ng Labindalawang Apostol:



> Habang mas natututuhan natin ang tungkol sa Liwanag ni Cristo, mas mauunawaan natin ang tungkol sa buhay at lalo nating mamahalin ang buong sangkatauhan. Tayo ay magiging mas mabubuting titser at missionary at magulang, at mas mabubuting kalalakihan at kababaihan at mga bata. Magkakaroon tayo ng mas malalim na paggalang sa ating mga kapatid sa Simbahan at sa mga taong hindi naniniwala. . . .
>
> Ang Liwanag ni Cristo ay para sa lahat tulad ng mismong sikat ng araw. Saanman naroon ang tao, naroon ang Espiritu ni Cristo. Taglay ito ng bawat nabubuhay na nilalang. . . .
>
> Kung mauunawaan natin ang realidad ng Liwanag ni Cristo sa lahat ng taong nakikita natin . . . at sa ating sarili, . . . magkakaroon tayo ng tapang at inspirasyon nang higit pa sa nalalaman natin dati. At *dapat* ngang ganito! At *magiging* ganito! Ang lahat ng ito ay dimensyon ng katotohanan ng ebanghelyo na nauunawaan lamang ng iilan. (Boyd K. Packer, "The Light of Christ," *Ensign*, Abr. 2005, 8, 13–14)

Sumulat ng dalawa hanggang tatlong pangungusap tungkol sa kung paano makaiimpluwensya ang pag-unawa sa Liwanag ni Cristo sa pagtingin mo sa iba.

## Ang Liwanag ni Cristo sa sansinukob

Naantig ka na ba sa kagandahan o karingalan ng mundong ito at ng sansinukob? Ano ang ipinadarama sa iyo ng mga ito?

Basahin ang Doktrina at mga Tipan 88:7–10, 45–47 at alamin ang natutuhan mo tungkol sa Liwanag ni Cristo, sa mundo, at sa sansinukob.

- Ano ang matututuhan natin tungkol sa Panginoon mula sa Kanyang mga nilikha?
- Kapag nakikita natin ang impluwensya ng Diyos sa sansinukob, paano ito makatutulong sa atin na makilala ang Kanyang impluwensya sa ating buhay?

ANG SIMBAHAN NI JESUCRISTO NG MGA BANAL SA MGA HULING ARAW

© 2025 ng Intellectual Reserve, Inc. All rights reserved. PD80007812_893_321-1